# Kataga ng Buhay

**Hunyo 2025**

## “Kayo ang magbigay sa kanila ng makakain”

(Lucas 9:13).

Tayo’y nasa isang tahimik na lugar malapit sa Betsaida sa Galilea kung saan nagpapahayag si Hesus tungkol sa Kaharian ng Diyos sa isang malaking pulutóng ng mga tao. Pumunta Siya roon kasama ng Kanyang mga alagad upang makapagpahinga sila pagkatapos ng mahaba’t matrabahong panahon sa rehiyong iyon, kung saan sila’y nangaral at nanawagan para magbalik-loob sa Diyos habang ‘ipinapahayag ang mabuting balita sa lahat ng dako at nagpagpapagaling ng maraming tao.’[1] Sila’y pagod ngunit napakasaya habang sinasalaysay ang kanilang naranasan.

Gayunpaman, nang marinig ng mga tao ang kanilang ginawa, gumawa sila ng paraan upang sumama sa kanila. Tinatanggap ni Hesus ang lahat. Siya’y nakikinig, nagsasalita at nagpapagaling, at patuloy na dumarami ang mga tao. Malapit na ang gabi at nadarama na ang gutom. Nag-alala ang mga alagad at nagmungkahi ng makatuwiran at makatotohanang solusyon sa kanilang guro: ‘Paalisin mo ang mga tao upang sila’y makapunta sa mga nayon at makahanap ng makakain at matutuluyan.’ Iniisip nila na higit pa sa sapat ang ginawa ni Hesus… ngunit ito ang tugon Niya:

### “Kayo ang magbigay sa kanila ng makakain.”

Namangha sila. Mayroon lamang silang limang tinapay at dalawang isda para sa ilang libong tao; hindi posibleng mahanap ang lahat ng kailangan sa isang maliit na lugar tulad ng Betsaida, at wala rin silang perang pambayad para rito.

Nais ni Hesus na buksan ang kanilang mga mata. Labis Siyang naantig sa mga pangangailangan at problema ng mga tao, at nais Niyang makahanap ng solusyon para sa mga ito. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng pagsisimula sa kalagayan nila at pagpapahalaga sa anumang naroroon. Tunay na kakaunti lang ang hawak ng mga alagad, ngunit ipinagkatiwala Niya sa kanila ang isang misyon: hinihiling Niya sa kanila na maging mga instrumento ng Diyos na Siyang awa’t malasakit at nangangalaga sa Kanyang mga anak. Maaaring mamagitan ang Ama, gayon pa man, sila’y ‘kailangan’ din Niya.

‘Kinakailangan’ ng himala ang paggawa natin ng unang hakbang at ang pananampalataya, at pagkatapos, isusulong ito ng Ama.

### “Kayo ang magbigay sa kanila ng makakain.”

Naunawaan ni Hesus ang mga pagtutol ng mga alagad ngunit hiniling Niya sa kanila na gawin ang kanilang parte. Maliit man ang kanilang ambag, pinahalagahan Niya ito

at hindi lang nilulutas ang problema para sa kanila. Nangyayari ang himala, ngunit nangangailangan ito ng kanilang buong pakikibahagi at ng pagiging handang ibigay ang lahat ng mayroon sila. Nangangahulugan itong pagsasakripisyo at pagtitiwala kay Hesus.

Si Hesus ay isang guro, at nagsisimula Siya sa mga pangyayari sa paligid natin upang tulungan tayong matuto kung paano pangalagaan ang isa't isa. Kapag batid natin na nangangailangan ang iba, walang halaga ang mga dahilan tulad ng 'hindi natin trabaho 'yan,' 'wala tayong magagawa' o 'kailangan nilang magtiyaga tulad ng iba.' Ayon sa plano ng Diyos para sa lipunan, mapalad ang mga taong nagpapakain sa nagugutom, dinadamitan ang mahihirap at dinadalaw ang mga nangangailangan.[2]

## "Kayo ang magbigay sa kanila ng makakain."

Ang kabanatang ito ay nagpapaalaala sa isang pangungusap na matatagpuan sa aklat ni Isaias na 'papahirin ang mga luha sa lahat ng mga mukha.'[3] Pinaupo ni Hesus ang mga tao sa mga grupo ng limampu, isang bilang na makikita sa mga nasusulat sa Lumang Tipan na naglalarawan ng mahahalagang okasyon. Siya ang Anak, ngunit kumikilos Siya tulad ng Ama na pinapahayag ang Kanyang pagka-Diyos. Siya mismo ang magbibigay ng lahat, maging sa pagiging pagkain para sa atin sa Eukaristiya, ang bagong piging ng pagbabahaginan.

Sa panahon ng pandemyang COVID-19, nabatid ng komunidad ng Focolare sa Barcelona ang maraming hamon na kinakaharap ng mga tao sa paligid nila. Ginamit nila ang mga *social network* upang lumikha ng isang grupo upang mangalap ng impormasyon tungkol sa mga pangangailangan ng mga tao at pagsama-samahin ang mga bagay na magagamit nila. Ayon sa kanila, kahanga-hangang makita kung paano napalaganap ang mga muwebles, pagkain, gamot at kagamitan sa bahay. Sabi nila, 'Kung mag-isa, kaunti lang ang magagawa natin pero kung sama-sama, marami tayong magagawa.' Kahit ngayon, tumutulong ang grupong 'Fent Família' na tiyaking walang sinuman sa kanila ang nangangailangan. Ganito namuhay ang mga unang Kristiyano.[4]

## "Kayo ang magbigay sa kanila ng makakain."

***Silvano Malini at ang pangkat ng Kataga ng Buhay***

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

---

1. Lucas 9:6 2. Ihambing sa Mateo 25:35-40
3. Isaias 25:8 4. Ihambing sa Mga Gawa 4:3

Distributed in Japan by Focolare：
www.focolare.org/en ・ www.focolare.org/japan

e-mail:tokyofocfem@gmail.com
Tel. Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424
Nagasaki: 095-849-3812